# Katotohanang ang libingan ay ang unang tahanan mula sa mga tahanan sa Kabilang-buhay,kapag naligtas siya rito,ang mga susunod dito ay higit na magaan, at kapag hindi siya naging ligtas rito, ang mga susunod dito ay higit na mahirap

Ayon kay Hāni-īe tagapagtanggol ni 'Uthmān, Nagsabi siya:Si 'Uthmān ay kapag tumindig sa isang libingan,ay umiiyak hanggang sa nababasa ang balbas niya, Sinabi sa kanya: Kapag binabanggit sa iyo ang Paraiso at Impiyerno ay hindi ka naiiyak, ngunit umiiyak ka dahil dito?Ang sabi niya:Katotohanan ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan nagsabi siya:((Katotohanang ang libingan ay ang unang tahanan mula sa mga tahanan sa Kabilang-buhay,kapag naligtas siya rito,ang mga susunod dito ay higit na magaan, at kapag hindi siya naging ligtas rito, ang mga susunod dito ay higit na mahirap))

[Maganda] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Si Uthman bin `Affan-malugod si Allah sa kanya-kapag siya ay tumayo sa libingan,ay naiiyak hanggang sa nababasa ng luha niya ang balbas niya,Sinabi sa kanya:Binabanggit sa iyo ang Paraiso at ang Impiyerno ngunit hindi ka umiiyak at umiiyak ka sa Libingan?Sinabi niya sa kanila na siya ay umiiyak dahil narinig niya ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagsasabi na Ang Libingan ay ang unang magiging tahanan mula sa mga tahanan sa kabilang buhay;Kapag naligtas ang tao sa libingan at sa mga napapaloob dito na mga pagsubok at kahirapan at mga kaparusahan,ang mga susunod dito ay higit na magaan mula rito,Sapagkat kung mayroon siyang mga kasalanan,nababayaran ito ng mga kaparusahan sa libingan,at kapag hindi siya naligtas dito,At hindi siya nakawala sa mga kaparusahan sa libingan at hindi niya napagbayaran rito ang mga kasalanan niya,at natitira pa sa kanya ang mga iilan na nararapat na iparusa sa kanya,ang mga susunod nito ay higit na mahirap mula rito,dahil ang kaparusahan sa Impiyerno ay higit na Mahirap.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee